# BC PharmaCare

## Special Authority

Sinasakop ng PharmaCare ang ilang mga gamot at medical devices sa mga ispesipikong medikal na pangyayari lamang. Ang iyong prescriber ay maaaring mag-request ng Special Authority coverage para sa iyo. Magsa-submit sila ng request form sa PharmaCare na nagpapakita ng iyong medikal na pangangailangan.

Bago mo bilhin ang gamot o device, dapat munang maaprubahan ng PharmaCare ang request para makuha mo ang Special Authority coverage. Hindi maaaring retroactive na isakop ito ng PharmaCare.

Tingnan ang listahan ng Special Authority na mga gamot at devices sa www.gov.bc.ca/pharmacarespecialauthority

---

### Special Authority coverage

Kung naaprubahan ang request, wala kang babayaran kung ikaw ay nasa 100% coverage plan (hal., Plan C, Plan W, Plan G). Kung Fair PharmaCare lamang ang iyong coverage plan at hindi ka pa umaabot sa iyong annual deductible at family maximum, maaaring singilin ka para sa ilan o lahat ng dispensing fee at gastos sa gamot.

Paminsan-minsan ay kailangan ng private insurers ng proof na may Special Authority approval para i-reimburse ang iyong mga ginastos sa gamot. Tawagan kami sa numero sa ibabâ para mag-request ng proof.

Ang coverage ay maaaring para sa isang takdang panahon (hal., 6 na buwan) o kaya indefinite. Kung ang coverage ay para sa isang takdang panahon, maaaring mag-submit ang iyong prescriber ng panibagong request bago magtapos ang iyong coverage.

### Gaano katagal bago maaprubahan ang isang request

Ang ilang mga request ay inaaprubahan kaagad. Ang iba naman ay maaaring abutin nang 10 araw o mas matagal pa. Ang coverage ay nagsisimula oras na naaprubahan ang request at naipasok ito sa system.

Maaari mong i-check ang status ng iyong Special Authority request sa www.gov.bc.ca/healthgateway

Maaari mo ring hilingin sa iyong prescriber o pharmacist na tingnan kung ano ang status ng request; o kaya'y tumawag sa amin.

### Kung hindi naaprubahan ang request ng iyong prescriber

Hindi lahat ng mga request ay inaaprubahan. Ito'y dahil maaaring hindi mo natutupad ang criteria, o dahil kailangan ng PharmaCare ng karagdagang impormasyon mula sa iyong prescriber. Kausapin ang iyong prescriber tungkol sa desisyon.

### Mayroon bang mga Tanong?

Tawagan kami Lunes hanggang Biyernes, 8 am – 8 pm at Sabado 8 am – 4 pm

- mula sa Lower Mainland: 604 683-7151
- mula sa ibang bahagi ng B.C., toll-free: 1 800 663-7100